2.4 ANG KAPANGYARIHAN NG DIYOS AY WALANG HANGGANAN

Ang Diyos ay Hari ng lahat ng mga hari. Walang di nasasakop ang Kanyang kapangyarihan. At ang kapangyarihang ito ay walang katapusan. Napapanatili Niya ang lahat ng bagay sa pamamagitan lamang ng Kanyang salita. Siya ay gumagawa ng kahit anong bagay na Kanyang naisin; ginagawa Niya ito kung kailan Niya gustuhin at kung para sa anumang kadahilanan na kalugod-lugod sa Kanya. Ang paghaharing ito ay tinatawag na sovereignty ng Diyos.

Time Out

- Ano ang ibig sabihin ng sovereignty ng Diyos?

  _____

  _____

PAG-ISIPAN:

Ang aking alam	Masasabi ko na ang Diyos ay makapangyarihan sapagkat:
	Ang walang hangganang kapangyarihan ng Diyos ay naipamalas Niya sa pamamagitan ng:

PAG-ARALAN:

Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.

1. Jeremias 10:12
   Nilikha ni Yahweh ang lupa sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan. Lumitaw ang daigdig dahil sa Kanyang karunungan, at iniladlad Niya ang langit sa bisa ng Kanyang kaalaman.

2. Isaias 40:28
   Hindi ba ninyo nalalaman, di ba ninyo naririnig? Na itong si Yahweh, ang walang hanggang Diyos, ang Siyang lumikha ng buong daigdig? Hindi Siya napapagod; sa isipan Niya'y walang makakaunawa.
3. Colosas 1:16
   Sapagkat sa pamamagitan Niya ay nilikha ang lahat ng nasa langit at nasa lupa, nakikita man o hindi, pati ang mga espirituwal na kapangyarihan, paghahari, pamamahala, at pamumuno. Ang lahat ay nilikha ng Diyos sa pamamagitan Niya at para sa Kanya.
4. Lucas 7:12-15
   Nang malapit na siya sa pintuan ng bayan, may isang lalaking namatay na dala ng mga tao patungo sa libingan. Ito ay kaisa-isang anak na lalaki ng isang biyuda. Napakaraming tao mula sa bayan ang sumama upang makipaglibing. Nahabag ang Panginoon nang Kanyang makita ang ina ng namatay kaya't sinabi Niya rito, *"Huwag kang umiyak."* Nilapitan Niya at hinipo ang kabaong at tumigil ang mga may pasan nito. Sinabi Niya, *"Binata, sinasabi Ko sa iyo, bumangon ka!"* Bumangon ang patay at nagsalita; at siya'y ibinigay ni Jesus sa kanyang ina.
5. Juan 11:40-44
   Sinabi ni Jesus, *Hindi ba't sinabi Ko sa iyo na kung sasampalataya ka ay makikita mo ang kaluwalhatian ng Diyos?* Kaya't inalis nila ang bato. Tumingala si Jesus sa langit at sinabi, *Ama, nagpapasalamat Ako sa iyo sapagkat dininig Mo Ako, at alam Kong lagi Mo Akong dinirinig. Ngunit sinasabi Ko ito dahil sa mga taong naririto, upang maniwala silang Ikaw ang nagsugo sa Akin.* Pagkasabi nito ay sumigaw Siya, *Lazaro, lumabas ka!* Lumabas nga si Lazaro na nababalot ng telang panlibing ang mga kamay at paa; may nakabalot ding tela sa mukha niya. Inutos ni Jesus sa kanila, *Kalagan ninyo siya at nang makalakad siya.*
6. Marcos 16:5-6
   At pagpasok nila sa libingan, may nakita silang isang binatang nakasuot ng mahaba at maputing damit, at nakaupo sa gawing kanan. At sila'y natakot. Ngunit sinabi nito sa kanila, "Huwag kayong matakot. Hinahanap ninyo si Jesus na taga-Nazaret na ipinako sa krus. Wala na Siya rito; Siya'y binuhay ng Diyos! Tingnan ninyo ang pinaglagyan sa Kanya.

- Ano ang patunay ng walang hanggang kapangyarihan ng Diyos at ng Panginoong Jesus sa bawat talata?
  1. _____
  2. _____
  3. _____
  4. _____
  5. _____
  6. _____

PAG-USAPAN:

Minsan, nalaman ng Panginoong Jesus na ang Kanyang kaibigan na si Lazarus ay namatay na. Pinuntahan Niya ang lugar na kung saan nakahimlay ang katawan nito. Siya ay nanalangin at matapos ay isang sigaw ang pinawalan ng Panginoon, *Lazarus, halika rito*. Mula sa patay, bumangon nga si Lazarus at lumabas ng kanyang libingan. Ito ay kapangyarihan!

Nang ipako si Cristo sa krus, Siya ay namatay; Siya ay inilibing; subalit sa ikatlong araw, Siya ay bumangon mula sa mga patay. Kaya naman nang pumunta ang Kanyang mga kaibigan sa pinaglibingan sa Kanya, napag-alaman nila na si Cristo nga ay bumangon mula sa pagkamatay. Kapangyarihan!

Sa Matthew 10:28, ganito ang sinabi ni Jesus, *Huwag ninyong katakutan ang pumapatay ng katawan ngunit hindi naman nakakapatay ng kaluluwa. Sa halip, ang katakutan ninyo ay ang Diyos na may kakayahang pumuksa ng katawan at kaluluwa sa impiyerno.*

Ang kapangyarihan ng Diyos ay walang hangganan.

Nagsimulang ma-involve si Kim sa mga gawain sa church. Minsan, kasama ang kanilang Pastor at ilang kabataan, nagpunta sila sa bahay nila Nanay Ludy upang bisitahin ang anak niyang si Viny. Si Viny ay may malubhang sakit. Madalas siyang bisitahin ni Pastor Paul at ibang church members upang kamustahin at ipagdasal. Nalaman ni Kim na hindi na magtatagal ang buhay ni Viny ayon sa sinabi ng doctor. Ngunit hindi mababakas sa mukha ni Viny ito. Siya ay masiyahin pa rin at puno ng pag-asa. Habang pauwi na sila, tinanong ni Kim si Pastor Paul kung may pag-asa pang gumaling si Viny. “Walang imposible sa Diyos” nakangiting sagot ni Pastor Paul.

May hangganan ba ang kapangyarihan ng Diyos kung hindi gumaling si Viny?

_____

_____

_____

Ang Diyos ay sovereign. Walang hindi nasasakop ng Kanyang kapangyarihan at ang kapangyarihang ito ay walang hangganan.

PAG-BULAYBULAYAN:

1. Paano makakaapekto sa araw-araw kong buhay ang pagkaalam at paniniwala na ang Diyos ay makapangyarihan at ang kapangyarihan Niya ay walang hangganan?

   _____

   _____

   _____

Natutuhan ko na	Ang Diyos ay makapangyarihan sapagkat:
	Ang walang hangganang kapangyarihan ng Diyos ay naipamalas Niya sa pamamagitan ng:

Verse of the Day:

Ang bilang ng mga bituin ay Kanyang nalalaman at ang bawat isa ay binigyan Niya ng pangalan. Makapangyarihan ang ating Panginoon. Ang Kanyang karunungan ay walang hangganan. ***Mga Awit 147:4-5***